3. Gusto ni Kakak na maging isang palakang may pinakamagaling na kokak sa buong daigdig. Pag-aralin ang klase ng buhay ng isang manganganta o manunugtog. Anu-ano ang mga pagsasariling panig at pagtutulungang panig ng kaniyang buhay o gawain?

Mga pagpapayamang gawain:

1. Mga kalagayang may pagsasarili:
   a. Kilalanin ang mga kalagayang ang mga tao ay gumagawa ng mga bagay na nagsasarili.
   b. Kilalanin ang mga hanapbuhay na nangangailangan ng pagsasarili.
   c. Talakayin ang mga gawaing maaari nang gawin ng mga bata nang nagsasarili. Magsagawa ng isa pang nahahawig na talakayan sa bandang huli ng taong pampaaralan. Talakayin ang pagkakaiba, kung mayroon.
   d. Ipakita at talakayin ang pelikulang, "Sui Mei Wong: Who Shall I Be?" Ang isang mandarayuhang ama at ang kaniyang anak ay nagkasundo tungkol sa isang pasiya na isasagawa ng anak na nag-iisa. Talakayin kung paanong ang paglaki ay mangangahulugan ng pagiging lalong nagsasarili.

2. Mga kalagayang may pagtutulungan:
   a. Ituro ang awit, "Pagtutulungan."
   b. Itanghal ang Mga Larawang Araling Asyano-Amerikano, "Chris Braga, Karpintero." Basahin ang mga paliwanag. Talakayin ang pagtutulungang isinagawa sa pagtatayo ng Nayong Agbayani. Sundan ng mga gawaing inilarawan sa Manwal ng Guro.
   c. Gumawa ng kopya at ipamahagi ang mga gawaing papel, "Mga Kayang Gawin ng Bata." Kapag natapos na ng mga bata ang mga pagsasanay, sundan ng sariling pagpapahalaga kung anong kasanayan ang maibibigay ng bawat isa sa tulung-tulong na pagsisikap.
   d. Ipakita at talakayin ang pelikulang "Reflections." Isang mandarayuhang bata ang pinagsabihan ng mga magulang na lumayo sa ibang batang nasa kapitbahayan. Pahalagahan sa mga bata ang ganitong uri ng pakikipagtulungan sa mga magulang.

Related activities:

1. Study a pond or other natural environment. Assist the children in discovering the interdependence of the animal and plant life there.

2. Discuss classroom rules or simple laws such as traffic regulations. Why do such rules or laws exist? Do they enable us to live and work together better? Do they enable us to pursue individual interests?

3. Kakak wanted to be the frog with the best croak in the world. Have the class study the life of a singer or musician. What are the independent aspects and the cooperative aspects of his/her life and work?

Enrichment activities:

1. Situations involving independence:

   a. Identify situations in which people do things independently.

   b. Identify jobs which require independence.

   c. Discuss tasks that the children can do independently now. Conduct a similar discussion later in the school year. Discuss the difference, if any.

   d. Show and discuss the film, "Siu Mei Wong: Who Shall I Be?" An immigrant father and his daughter come to an understanding about a decision that she will make independently. Discuss how growing up means becoming more independent.

2. Situations involving cooperation:

   a. Teach the song, "Helping Each Other."

   b. Display the Asian American Study Prints, "Chris Braga, Carpenter." Read the captions. Discuss the cooperation involved in the building of Agbayani Village. Follow up with the activities described in the Teacher's Manual.

   c. Reproduce and distribute the worksheet, "Things Children Can Do." After the children have completed the exercise, follow up with self-assessments of what skills each has to offer in a cooperative effort.

   d. Show and discuss the film, "Reflections." An immigrant child is told by his parents to stay away from other children in the neighborhood. Ask the students to evaluate this type of cooperation with parents.

YUNIT 3 :
Pakikipagtalastasan

PANG-ISIPANG PAHAYAG

Ang pakikipagtalastasan ay ang pagpapahayag ng mga kaisipan at damdamin.

UNIT 3 :
Communication

CONCEPTUAL STATEMENT

Communication is the expression of thoughts and feelings.

BEST COPY AVAILABLE

Mga panggampaning layunin

Magagawa ng bata na:
1. Kilalanin ang kahit tatlong uri ng pakikipagtalastasan.
2. Mabisang makipagtalastasan sa kahit tatlong iba't ibang paraan.

Mga kagamitan

AABC
1. Kuwentong-aklat, "Ang Paglakad"
2. Kuwentong-aklat, "Ang Mahiwagang Kristal"
3. Kuwentong-aklat, "Ferdinand"
4. Gawaing aklat, "Pagsulat sa mga Sagisag" (43-47)
5. Gawaing papel,"Mga Sagisag ng mga Pista" (48)
6. Gawaing aklat, "Kumusta at Paalam" (49-53)
7. Mga pampagtuturong larawan,"Mga Manggagawa sa Media" (54-56)
8. Mga pampagtuturong larawan, "Paano Lumalakad ang Koreo" (57-58)
9. Mga pampagtuturong larawan,"Mga Manggagawa sa TV" (59)
10. Mga pampagtuturong larawan,"Mga Manggagawa sa Pahayagan" (60)
11. Mga pampagtuturong larawan, "Istasyon ng Radyo" (61)

Iba pa
1. Mga domino
2. Mga parisukat na piraso ng papel
3. Isda, papel na sumisipsip, tintang India o tintang Intsik, brotsa, aspili, bulak
4. Papel panggawain
5. Chang, Kathleen. *Iron Moonhunter.* San Francisco: Children's Press. 1977.

Mga panuto

Ang pakikipagtalastasan ay ang pagpapahayag ng mga isipan at damdamin. Maaari itong pasalita (tulad ng talumpati) at di-pasalita (tulad ng kumpas). Bilang karagdagan, ang nakasulat at iba pang sagisag ay nagpapahayag din ng mga kaisipan at damdamin. Ang mga anyong sining ay paraan din ng pakikipagtalastasan.

Ang kakulangan sa pakikipagtalastasan o maling pakikipagtalastasan ay maaaring maging dahilan ng mga suliranin. Ang mabuting pakikipagtalastasan ay isang susi sa pagtatrabahong nagsasarili o tulung-tulong.

Ang mga kuwentong inilahad sa yunit na ito ay:

1. "Ang Paglakad"
   Isang batang lalaki ang gumamit ng mga palatandaan upang makita ang kaniyang daan pauwi, subalit naligaw rin.
2. "Ang Mahiwagang Kristal"
   Sa pagtatangkang iligtas ang aso, ang bata ay gumamit ng matanda nang paraan ng pagbibigay ng mga palatandaan sa panganib.
3. "Ferdinand"
   Ang isang batang lalaki ay nagsisikap na makatulong sa mabuting pagtitinginan ng kaniyang ina at kapatid na lalaki. (Tandaan: Sa pagtalakay sa kuwento, dapat madama ng guro ang katotohanang hindi lahat ng mga magulang ay nakikitungo sa kanilang mga anak nang magkapantay. Karamihan ng mga magulang na mandarayuhan ay hindi.)

   Isang huwarang pagtalakay ang kasunod.

Performance Objectives

The child will be able to:
1. Identify at least three types of communication.
2. Communicate effectively in at least three different ways.

Materials

AABC
1. Storybook, "The Walk"
2. Storybook, "The Magic Crystal"
3. Storybook, "Ferdinand"
4. Activity book, "Writing with Symbols" (43-47)
5. Worksheet, "Holiday Symbols" (48)
6. Activity book, "Hello and Goodbye" (49-53)
7. Teaching pictures, "Media Workers" (54-56)
8. Teaching pictures, "How Mail Travels" (57-58)
9. Teaching pictures, "TV Workers" (59)
10. Teaching pictures, "Newspaper Workers" (60)
11. Teaching pictures, "A Radio Station" (61)

Other
1. Dominoes
2. Square sheets of paper
3. Fish, absorbent paper, india ink or ink sticks, brush, pins, cotton
4. Color construction paper
5. Chang, Kathleen. *Iron Moonhunter*. San Francisco: Children's Press, 1977.

Instructions

Communication is the expression of thoughts and feelings. It can be verbal (such as speech) and non-verbal (such as gestures). In addition, written and other symbols also communicate thoughts and feelings. Art forms are means of communication.

Lack of communication or miscommunication can cause problems. Good communication is a key to working well independently or cooperatively.

The stories presented in this unit are:

1. "The Walk"
   A young boy uses landmarks to find his way home from a new school, but gets lost anyway.

2. "The Magic Crystal"
   Attempting to rescue a dog, a child uses an age-old means of sending a distress signal.

3. "Ferdinand"
   A young boy tries to help his mother and brother get along better. (Note: When discussing this story, the teacher should be sensitive to the fact that not all parents interact with their children on equal terms. Most immigrant parents do not.)

   A model discussion strategy follows.

"Ang Paglakad"

Panunuring paksa: Maraming paraan sa pakikipagtalastasan. Sa isang ibinigay na kalagayan, ang ibang paraan ay nagkakabisa, ang iba namang paraan ay hindi.

Mga talakayang tanong:

1. Sino ang tagasalaysay ng kuwento?
2. Saan siya pupunta kasama ng kaniyang ama?
3. Ano ang mga iniisip at nadarama ng bata habang naglalakad siya patungo sa paaralan?
4. Paano tinandaan ng bata ang kaniyang daan pauwi mula sa paaralan?
5. Nakita ba ng bata ang kaniyang daan pauwi sa bahay? Bakit o bakit hindi?
6. Ano ang mga nadarama niya habang siya'y naglalakad?
7. Paano nalaman ng opisyal ng pulis kung saan nakatira ang bata?
8. Anu-ano ang mga iniisip ng bata pagkatapos na makarating siya sa bahay nang maluwalhati?

Mga kaugnay na gawain:

1. Ipalarawan sa mga bata kung paano sila nagpupunta sa paaralan. Kung naglalakad o sumasakay, anu-ano ang mga palatandaang ginagamit nila?
2. Pagtambal-tambalin ang mga bata. Paupuin ang unang bata sa bawat tambalan sa likuran ng pangalawa. Tiyaking hindi sila nagkakatanawan ng kani-kanilang upuan. Ipamahagi ang mga domino sa pangalawang bata sa bawat tambalan. Sa unang bata, ipamahagi ang inihandang drowing ng isang bulaklak o ibang simpleng bagay na binubuo ng mga domino.

   Hilingin sa unang bata na ibigay ang tuntunin sa pangalawa, upang matularan ng pangalawa ang mga bagay na ginagamit ang kaniyang mga domino. Magtakda ng oras, pagkatapos ay talakayin ang kinalabasan. Anu-anong mga tandang pakikipagtalastasan ang nagkabisa? Alin-alin ang hindi? Bakit?

3. Talakayin ang pagkaligaw. Halos ang bawat isa ay nagkaroon na ng ganitong karanasan sa ilang panahon. Anu-anong mga kaisipan at damdamin ang nasasangkot? Anu-ano ang iba't ibang paraan sa paglutas ng suliranin?

Mga pagpapayamang gawain:

1. Di-pasalitang pakikipagtalastasan
   a. Maglaro ng larong charade.
   b. Kilalanin ang mga kumpas at bukas ng mukha na nagpapahayag ng mga mensahe.
2. Pakikipagtalastasan sa mga sagisag
   a. Gumawa ng kopya at ipamahagi ang mga gawaing aklat, "Pagsulat sa mga Sagisag."
      Sa pahina 1, pabigyang-kahulugan sa mga bata ang bawat tanda sa daan. Ang bawat tanda ay may tiyak na kahulugan.
      Sa pahina 2, pagbigayin ang mga bata ng isang-salitang pakahulugan ng bawat larawan. Walang "tama" o "mali" na kasagutan.
      Sa pahina 3, papiliin ang klase ng walong salita. Tiyaking kasama ang mga pandiwang nagsasaad ng kilos. Ipasulat sa mga bata ang mga salita sa mga patlang. Pagkatapos ay pagguhitan at pagkulayin ng mga larawan na kakatawan sa mga salita.
      Sa pahina 4, ang mga bata ay gagawa ng tatlong pangungusap na ginagamit ang mga larawan sa sinundang pahina. Ipabigay sa bawat isa ang kaniyang mga pangungusap sa ibang bata, na siya namang susubok maglagay nito sa karaniwang pangungusap.
   b. Gumawa ng kopya at ipamahagi ang gawaing papel, "Mga Sagisag ng mga Pista." Ang bawat bata ay itutugma ang bawat pista sa sagisag nito.

"The Walk"

Critical issue: There are many ways to communicate. In a given situation, some ways work and other ways do not.

Discussion questions:

1. Who is the narrator of the story?
2. Where was he going with his father?
3. What were his thoughts and feelings as he walked to school?
4. How did he try to remember his way home from school?
5. Did he find his way back home? Why or why not?
6. What were his feelings as he walked?
7. How did the police officer find out where he lived?
8. What were his thoughts after he arrived home safely?

Related activities:

1. Ask the children to describe how they travel to school. Whether walking or riding, what landmarks do they use?

2. Pair the children. Have the first child in each pair sit behind the second. Make sure that they do not see each other's desk. Distribute dominoes to the second child in each pair. To the first child, distribute a pre-prepared drawing of a flower or other simple object that is composed of dominoes. Ask the first child to give directions to the second so that the latter can duplicate the object using his/her dominoes. Set a time limit, then discuss the results. What communication clues worked? Which did not? Why?

3. Discuss being lost. Nearly everyone has had this experience at some time. What thoughts and feelings are involved? What are different ways to solve the problem?

Enrichment activities:

1. Non-verbal communication

   a. Play a game of charades.
   b. Identify gestures and facial expressions which communicate messages.

2. Communication with symbols

   a. Reproduce and distribute the activity book, "Writing with Symbols."
   On page 1, have the children interpret the meaning of each road sign. Each sign has a specific meaning.
   On page 2, ask the children to give a one-word interpretation of each picture. There are no "right" or "wrong" answers.
   On page 3, have the class select eight words. Make sure that action verbs are included. Ask the children to write the words in the blanks. Then ask them to draw and color pictures to represent the words.
   On page 4, the children are to *draw* three sentences using the pictures on the previous page. Ask each to pass his/her sentences to another child who will then try to decode the sentences.
   b. Reproduce and distribute the worksheet, "Holiday Symbols." The children are to match each holiday with its symbol.

3. Pakikipagtalastasan sa iba't ibang kultura
   a. Gumawa ng kopya at ipamahagi ang gawaing aklat, "Kumusta at Paalam." Pagkatapos ng mga bata sa mga pagsasanay, talakayin ang mga pagkakatulad at mga pagkakaiba sa pakikipagtalastasan sa iba't ibang kultura at wika.

4. Pangmaramihang pakikipagtalastasan
   a. Itanghal ang iba't ibang pampagtuturong larawan ng mga manggagawa sa pahayagan, TV, koreo, at radyo. Talakayin kung paano nakatulong ang palimbagan at iba pang mga imbensyon sa pakikipagtalastasan nang lalong madali sa maraming tao.
   b. Magbalak ng isang paglalakbay sa himpilan ng TV, himpilan ng radyo, o mga tanggapan ng pahayagan.
   c. Ipakita kung paano ang pagsulat ng isang liham. Pasundan sa mga bata ang iyong modelo at pasulatin sila sa isang kaibigan o kamag-anak.

5. Pakikipagtalastasan sa pamamagitan ng mga anyong sining.
   a. Ituro sa mga bata ang origami (oh-rih-gah-mih).

ORIGAMI

Ang ibig sabihin ng *ori* ay "lupi" at ang ibig sabihin ng *gami* ay "papel." Ang origami ay isang pinagkaugaliang anyong sining ng mga Hapones. Ito ay isa ring tanyag na sining, na nangangailangan lamang ng papel bilang kagamitan.

Ang mga bagay na malilikha sa pamamagitan ng origami ay halos walang katapusan. Ang mga sombrero, manika, kasangkapan, laruan, sobre, kahon, hayop, at mga bangka ay ilan lamang sa mga ito.

Ang iba ay napakadaling gawin; ang iba ay napakahirap. Sa Hapon, may mga dalubhasa sa origami na nakalilikha ng mga kahanga-hangang nililok na papel, tulad ng siyam na talampakang dinosaur o kalahating daling mga kulisap. Sa oras na matutuhan ang batayang pamamaraan, maaari nang mag-imbento ng sariling dibuho.

Ipinakikita ng origami kung paano naipahahayag ang kasiningan kahit na sa pinakadi-inaasahang paraan. Madalas, ang eskultura ay iniisip lamang sa mga bagay na luwad o tanso. Ipinakita ng mga Hapones na kahit na ang mga bagay na pangkaraniwan, tulad ng papel, ay magagamit sa paggawa ng mga likhang sining.

Ipakita sa mga bata ang mga halimbawa ng origami. Pagkatapos ay ipakita kung paano itupi ang tasa, nagsisimula sa isang parisukat na piraso ng papel:



3. Communication in different cultures

   a. Reproduce and distribute the activity book, "Hello/Goodbye." After the children complete the exercises, discuss the similarities and differences in communication among different cultures and languages.

4. Mass communication

   a. Display the various teaching pictures of newspaper, TV, postal, and radio workers. Discuss how the printing press and other inventions enable people to communicate with many other people very quickly.

   b. Organize a field trip to a TV station, radio station, or newspaper offices.

   c. Demonstrate how to write a letter. Ask the children to follow your model and to write a letter to a friend or relative.

5. Communication through art forms

   a. Teach the children origami (oh-rih-gah-mih).

ORIGAMI

Ori means "to fold" and *gami* means "paper." Origami is a traditional Japanese art form. It is also a popular art, requiring only paper as material.

The objects that can be created through origami are almost unlimited. Hats, dolls, furniture, toys, envelopes, boxes, animals, and boats are only a few.

Some are very simple to make; others are extremely complex. In Japan, there are origami masters who create fantastic paper sculptures, such as nine-foot dinosaurs or half-inch insects. Once the basic techniques are learned, it is possible to invent one's own designs.

Origami shows how artistry can be expressed even through the most unlikely media. Often, sculpture is thought of only in terms of clay or bronze. The Japanese demonstrated that even something as ordinary as paper can be used to create works of art.

Show the children samples of origami. Then demonstrate how to fold a cup, starting with a square sheet of paper:



b. Bigyan ang mga bata ng sanligang kaalaman tungkol sa mga larawang isda. Talakayin ang gamit ng mga ito. Pagkatapos ay tulungan ang mga bata na gumawa ng sarili nilang mga larawang isda at itanghal ang mga ito.

MGA LARAWANG ISDA

Ang mga larawang isda ay mga di pa natatagalang anyong sining. Bagamat may kaugnayan ang paglalarawang isda sa paraang ginamit sa paggawa ng mga larawang kiniskis mula sa napakatandang mga bantayog ng Intsik, ang pinakamatandang larawang isdang nalaman ay ginawa noong 1862. Sinasabing ang unang mga larawang isda ay ginawa noong si Lakan Sakai ng Yamagata ay naghangad na maitala ang tanging malaking isdang nahuli niya sa isang gabi. Lalong di pa natatagalan, ang mga larawang isda ay ginamit upang maitala ang laki at uri ng panlarong isda. Sinasabi ring iyong mga nangingisda ay gumawa ng mga larawan ng kanilang mga huli upang malutas ang pagtatalo tungkol sa kung kaninong isda ang higit na malaki, at upang makatiyak na ang isda, oras na mahuli, ay hindi na "lumalaki" habang paulit-ulit ang mga kuwento.

Ang mga larawang isda ay nagpapakita kung paano ang mga Hapones ay nasisiyahan at nagpapahalaga sa mga likas na bagay (Shintoismo). Ang larawang isda, isang makatotohanang kopya ng tunay na isda ay napangangalagaan ang ilang mga katangian ng isda.

Mga kagamitan

1. Isdang may kanais-nais na hugis, di-kinaliskisan
2. Papel na malakas sumipsip (tulad ng papel de hapon, papel pampahayagan, tuwalyang papel)
3. India ink, tintang Intsik, brotsa, aspili, bulak

Mga panuto

1. Hugasang mabuti at dahan-dahan ng asin o sabong panghugas ang isda upang maalis ang lansa. Pag-ingatang huwag maalis ang mga kaliskis. Maaaring alisan o di-alisan ng laman-loob ang isda.
2. Siksikan ng bulak ang bibig, tiyan at butas ng puwit.
3. Maglagay ng maliit na tabla o damit sa ilalim ng mga palikpik upang matukurang pataas ang mga ito. Ibuka ang mga palikpik sa paglalagay ng aspili sa pangalawa o pangatlong tinik ng bawat palikpik. Ngayong nakabuka na ang mga palikpik, ang isda ay mayroon nang kanais-nais na anyo.
4. Iayos ang isda ayon sa nais (tulad ng nakabuka ang bibig, nakabaluktot paitaas ang buntot).
5. Maingat na haluan ang india ink hanggang sa lumabas ang hangad na kulay itim o abo, o tunawin ang tintang Intsik sa tubig upang makagawa ng tinta.
6. Tintahan ang isda ng brotsa o basahan, sa isang gawi lamang ang paglalagay—mula ulo hanggang buntot. Kailangan ang ilang pagpipinta sa isda upang "magamayan" ang tinta; karaniwan, ang unang pinta ay hindi mabuti tulad ng pangatlo o pang-apat.

   Tiyaking pantay ang pagkakalagay ng tinta. Bigyan ng tanging pansin ang ulo, buntot at mga palikpik na natutuyong mauna. Katkatin ang anumang labi na tinta. Tiyaking walang labis na tinta sa paligid ng isda na maaari ring puminta.
7. Pagpasyahan kung paano mo gustong ilagay ang papel sa ibabaw ng isda. Maingat na ilagay ang papel sa isda.
8. Magaang na hawakan ng isang kamay ang papel sa pagkakalagay nito, at idiin sa isda ng kabilang kamay. Simulan sa ulo na mabuto at madaling matuyo. Tiyaking walang nalimutang palikpik. Para sa lalong likas na anyong kalalabasan, huwag idikit hanggang sa puno ng palikpik—magbibigay ito ng "pamamagang" epekto.
9. Tuklapin ang papel at hayaang matuyo ang larawang isda. Kung gusto mo, pintahan ng mata ang isda sa pamamagitan ng pambura ng lapis o dulo ng chopstick.

b. Provide the children with background information about fish prints. Discuss their use. Then help the children make their own fish prints, and display the prints.

FISH PRINTS

Fish prints are a relatively recent art form. Although fish printing is related to the technique used to make rubbings of ancient Chinese monuments, the oldest fish prints known were made in 1862. It is said that the first fish prints were made when Lord Sakai of Yamagata wished to record an especially big catch he made one night. More recently, fish prints have been used to record the size and type of game fish. It is also said that those who fish made prints of their fish to settle arguments over whose fish was bigger, and to make sure that a fish, once caught, didn't keep "growing" as stories were told over and over again.

Fish prints show how the Japanese appreciate and value natural objects (Shintoism). The fish print, a realistic copy of the actual fish, preserves certain qualities of the fish.

Materials

1. Fish with interesting shape, unscaled
2. Paper with high absorbency (such as rice paper, newsprint, paper towels)
3. India ink or ink sticks, brush, pins, cotton

Instructions

1. Wash the fish thoroughly, but gently, with salt or detergent to remove the slime. Be careful not to remove the scales. The fish may or may not be gutted.

2. Stuff the mouth, inner cavity, and anus with cotton.

3. Place a small board or cloth under the fins to prop them up. Spread fins by sticking a pin into the second or third spine of each fin. With the fins spread out, the fish has a more interesting shape.

4. Arrange the fish as desired (for example, with the mouth open, tail curved upward).

5. Dilute india ink carefully until the desired tone of black or grey is reached, or grind the ink stick in water to make ink.

6. Ink the fish with a brush or rag, stroking in one direction only—from head to tail. It takes a few prints for the fish to "get used" to the ink; usually the first print will not be as good as the third or fourth.

   Make sure the ink is evenly applied. Pay special attention to the head, tail and fins, which tend to dry out first. Blot away any extra ink. Make sure there is no excess ink around the fish that might print too.

7. Decide how you want to position the paper over the fish. Carefully place the paper on the fish.

8. Hold the paper lightly in place with one hand and press the paper against the fish with the other hand. Start with the head which is bony and dries out quickly. Make sure that no fins are missed. For a more natural-looking result, don't print all the way to the base of the fins—that creates a "bloated" effect.

9. Peel back the paper and let the fish print dry. If you like, print an eye onto the fish with the eraser of a pencil or the end of a chopstick.

c. Sabihin sa mga bata ang tungkol sa mga kasanayan at kagalingang Pilipino. Magdala ng mga halimbawa ng mga inukit na kahoy, nilalang basket, alahas na kabibe, at nilalang banig. Ipaliwanag kung paano ginawa ang mga ito.

Magbigay ng tanging pansin sa mga nilalang banig. Ipaliwanag na ang mga banig ang nagpapakita kung paanong ang mga ginagamit na bagay ay nagagawa ring palamuti. Upang mapagtibay ang konseptong ito, itanong sa mga bata kung anong mga bagay ang kapwa pampalamuti at panggamit (tulad ng mga kobrekama, mga plorera, mga mangkok).

Turuan ang mga bata kung paano maglala na ginagamit ang papel sa halip ng damo o straw:

1) Itupi nang pahalang ang isang 30 sm X 40 sm na pirasong may kulay na panggawaing papel.
2) Gupitin nang patayo sa nakaluping gilid upang magkaroon ng sampung 3-sm piraso, 18 sm haba, na hinayaang nagkakadikit na may 2-sm na palugit sa kabilang gilid ng papel.
3) Kapag naalis na ang pagkakalupi ng papel, magkakaroon ka ng isang pirasong 30 sm X 40 sm na may 36-sm na mga gupit na paayon sa haba ng papel. Ito ang mga bahaging paayon.
4) Mula sa papel panggawang may iba't ibang kulay, gumupit ng 12 piraso, 3 sm ang luwang, at 30-sm ang haba. Ito ang mga bahaging pahalang.
5) Simula sa isang dulo ng bahaging paayon, ilala ang isang piraso nang pahalang sa mga gupit sa luwang ng papel. Ilala ang pangalawang pahalang na may ibang kulay, sa tabi ng una. Magpatuloy sa iba pang piraso upang makabuo ng nilalang basket.
6) Idikit ang mga dulo ng pahalang na mga piraso upang manatili ang mga ito sa lugar.

d. Maraming tao ang alam na alam ang mga katutubong kuwento sa Tsina. Mayroon ding mga katutubong kuwentong Intsik-Amerikano. Ang isa ay ang "Iron Moonhunter," tungkol sa isang tren na ginawang palihim ng mga Intsik na manggagawa sa daang-bakal sa Sierra Nevada noong 19 na dantaon.

Basahin at talakayin ang kuwento sa mga bata.

e. Dalhin ang mga bata sa isang museo ng sining na nagtatanghal ng mga masining na bagay at mga sariling-likha ng iba't ibang kultura. Bigyan ang mga bata ng sanligang kaalaman tungkol sa mga makikita bago magpunta.

Habang lumalakad sila sa mga nakatanghal, itanong kung anong kultura ang pinanggalingan ng mga masining na bagay at sariling-likha. Itanong sa kanila kung anong paraan ng sining ang ginamit. Pinakamahalaga, pag-isipin ang mga bata sa kahulugan at pinagmulan ng mga bagay na nakatanghal.

c. Tell the children about Filipino arts and crafts. Bring samples of wood carvings, woven baskets, seashell jewelry, and woven mats. Explain how these things are made.

Pay particular attention to the woven mats. Explain that the mats demonstrate how functional objects can also be decorative. To reinforce this concept, have the children name objects which are both decorative and functional (such as quilts, vases, bowls).

Teach the children how to weave using paper instead of grass or straw:

1) Fold a 30 cm x 40 cm sheet of color construction paper crosswise.
2) Cutting perpendicularly into the folded edge, make ten 3-cm strips, 18 cm long, leaving them attached with a 2-cm margin at the opposite edge of the paper.
3) When the paper is unfolded, you will have a 30 cm x 40 cm sheet with 36-cm incisions running the length of the paper. These will be the "warp".
4) From construction paper of several colors, cut 12 strips, 3 cm wide and 30 cm long. These will be the "woof".
5) Beginning at one end of the "warp", weave a "woof" through the incisions, across the width of the paper. Weave a second "woof", preferably of another color, directly beside the first. Continue with more strips to form a basket weave.
6) Glue the ends of the "woof" so they stay in place.

d. Many people are familiar with folktales from China. There are Chinese American folktales too. One is the "Iron Moonhunter," about a train built in secret by Chinese railroad workers in the Sierra Nevadas in the 19th century. Read and discuss the story with the children.

e. Take the students to an art museum which exhibits art objects and artifacts of various cultures. Provide the students with background information about the exhibits before taking the trip.

As they walk through the exhibits, ask which cultures the art objects and artifacts are from. Ask them which art media are used. Most important, have the children speculate on the meaning and origin of the objects on exhibit.

Hanguan ng mga Kagamitan
Resource Materials

Mga Batang Lalaki at mga Batang Babae

Boys and Girls

Ma bu ting ba
We are all ve
ta ka ming La hat.
ry good children.
Ma nga La la ki'y mag
Boys grow up to become
do dok tor.
doc tors.
Ba ba: e'y mag pu
Girls grow up to be
pu lis na man.
come police women.
Ma bu ti ka ming
We are all ve
kai bi gan.
ry good friends.

Ang Abakada ng mga Lalaki at Babae

The ABCs of Men and Women

Mga panuto: Sa bawat titik ng abakada pipiliin ng mga bata ang mga pandiwa na naglalarawan kung ano ang magagawa ng mga lalaki at mga babae. Pagkatapos magdodrowing sila ng isang larawan ng mga lalaki at babae na nagsasagawa ng mga kilos na iyon. May mga ibinigay na halimbawa para sa mga titik A hanggang E. Isang pahina ng mga blangkong kuwadro ang inilaan para sa iba pang mga titik. Gumawa ng mas maraming kopya ng pahina hanggat kailangan.

Directions: For each letter of the alphabet, the children are to select a verb that describes what both men and women can do. Then they are to draw a picture of men and women performing that action. Examples for the letters A through E are given. A page of blank frames is provided for the rest of the letters. Duplicate as many copies of the page as needed.

Ang Abakada ng mga Lalaki at Babae

The ABC s of MEN AND WOMEN



Kaya ng babae at lalaki . . .

Both women and men can . . .

Act

Mag-artista



Bicycle

Magbisikleta

Cook

Magluto

Dance

Magsayaw

34

Exercise



Mag-ehersisyo









Mga Damdamin at Kilos

Feelings and Actions

Mga panuto: Pagkatapos matingnan ng mga bata ang bawat mga sitwasyong inilarawan, basahin sa kanila ang mga tanong na nasa mga kahon. Magpadrowing sa kanila sa maliliit na pirasong papel na kakasya sa mga kahon kasama ng mga tanong, ng mga larawang nagpapakita ng kanilang mga kasagutan. Ipadikit sa kanila sa ibabaw ng mga kahon ang kanilang mga drowing.

Directions: After the children have looked at each of the situations depicted, read the questions in the boxes to them. Have them draw pictures illustrating their responses on pieces of paper small enough to fit into the boxes with the questions. Have them paste their drawings over the boxes.

S2

S3

Mga Damdamin at Kilos

Feelings and Actions



37



Pagpapasiya

Making a Decision

Mga panuto: Pagkatapos matingnan ng mga bata ang bawat isa sa mga sitwasyong inilarawan sa gawing kaliwa ng gawaing-papel, tulungan silang basahin ang mga tanong.

Maglalagay ang mga bata ng X sa kahon na nagpapakita ng pinakamakatwirang kalutasan.

Directions: After the children have looked at each of the situations depicted on the left side of the worksheet, help them read the questions.

The children are to put an X in the box that illustrates the most reasonable solution.

S5

S6

Pagpapasiya

Making a Decision



Ano ang problema?
What is the problem?

1

2

3



Alin kalutasan ang pipiliin mo?
Which solution would you choose?



Ano ang problema?
What is the problem?

1



2



3

Alin kalutasan ang pipiliin mo?
Which solution would you choose?

Pagtutulungan
Helping Each Other

Sa man ta lang nag ta tak bu han, kung may ma da
While we're run ning, if some one stum bles, we stop and help
pa tu lu ngan mo a gad. Sa kla se man da
quick ly so we're all o kay. In the class room we
pat ta yo ay mag tu lung tu long sa i sa't i sa.
all do the same. We all help each o ther in the same way.

Mga Kayang Gawin ng Bata

Things Children Can Do

Mga panuto: Itatapat ng mga bata ang bawat isahang gawaing ipinakita sa dakong itaas sa angkop na pangkatang gawain sa gawing ibaba.

Directions: The students are to match each individual activity shown in the upper section with the appropriate group activity in the lower section.

91

92

Mga Kayang Gawin ng Bata — Things Children Can Do





Pagsulat sa mga Sagisag
Writing with Symbols

Mga panuto:

Sa pahina 1, pabigyang-kahulugan sa mga bata ang bawat tanda sa daan. Ang bawat tanda ay may tiyak na kahulugan.
Sa pahina 2, pagbigayin ang mga bata ng isang-salitang pakahulugan ng bawat larawan. Walang "tama" o "mali" na kasagutan.
Sa pahina 3, papiliin ang klase ng walong salita. Tiyaking kasama ang mga pandiwang nagsasaad ng kilos. Ipasulat sa mga bata ang mga salita sa mga patlang. Pagkatapos ay pagguhitan at pagkulayin ng mga larawan na kakatawan sa mga salita.
Sa pahina 4, ang mga bata ay gagawa ng tatlong pangungusap na ginagamit ang mga larawan sa sinundang pahina. Ipabigay sa bawat isa ang kaniyang mga pangungusap sa ibang bata, na siya namang susubok maglagay nito sa karaniwang pangungusap.

Directions:

On page 1, have the children interpret the meaning of each road sign. Each sign has a specific meaning.
On page 2, ask the children to give a one-word interpretation of each picture. There are no "right" or "wrong" answers.
On page 3, have the class select eight words. Make sure that action verbs are included. Ask the children to write the words in the blanks. Then ask them to draw and color pictures to represent the words.
On page 4, the children are to draw three sentences using the pictures on the previous page. Ask each to pass his/her sentences to another child who will then try to decode the sentences.



Pagsulat sa mga Sagisag
Writing with Symbols







96

97

Pagsulat sa mga Sagisag
Writing with Symbols











98

99

Pagsulat sa mga Sagisag
Writing with Symbols

100

101

Pagsulat sa mga Sagisag
Writing with Symbols

Mga Sagisag ng mga Pista
Holiday Symbols






Pasko Christmas	Pasko ng Pagkabuhay Easter	Pista ng mga Bata Children's Day	Cinco de Mayo
Araw ng mga Puso Valentine's Day	Bagong Taon ng mga Intsik Chinese New Year	Channukah	
Pambansang Araw ng Pilipinas Philippine Independence Day	Araw ng mga Kaluluwa Halloween	Araw ng Pasasalamat Thanksgiving	

Kumusta at Paalam

Hello/Goodbye

Mga panuto: Kasama ng mga bata, tingnan ang tatlong unang pahina ng gawaing aklat, binabasa sa kanila ang mga paliwanag at mga karikaturang bula. Sa ikaapat na pahina, sa baba ng bawat batang ipinakita, isusulat nila ang "Kumusta" at "Paalam" sa naaangkop na wika.

Directions: Look over the first three pages of the activity book with the children, reading the captions and cartoon bubbles to them. On the fourth page, below each child depicted, they are to write "hello" and "good-bye" in the appropriate language.

Kumusta at Paalam
Hello/Goodbye



Ang ibang tao ay gumagamit ng parehong salita sa "kumusta" at "paalam."
Some people use the same words for "hello" and "goodbye."

Kumusta at Paalam
Hello/Goodbye



Ang ibang tao ay gumagamit ng magkaibang salita sa "kumusta" at "paalam."
Some people use different words for "hello" and "goodbye."

Kumusta at Paalam
Hello/Goodbye



Ang ibang tao ay hindi gumagamit ng salita upang magsanbi ng "kumusta" at "paalam."
Some people use no words for "hello" and "goodbye."

Kumusta at Paalam
Hello/Goodbye

Kumustahin ang bawat bata at magpaalam.
Say "hello" and "goodbye" to each of these children.

Mga Manggagawa sa Media
Media Workers



116

117

Mga Manggagawa sa Media
Media Workers

118

119

Mga Manggagawa sa Media
Media Workers

120

121


U.S. MAIL
U.S. MAIL
1
2
3
4
U.S. MAIL
U.S. MAIL
U.S. MAIL

5

6



7

8

Mga Manggagawa sa Telebisyon
T.V. Workers



Mga Manggagawa sa Pahayagan
Newspaper Workers

Mamamahayag
Reporter

Retratista ng pahayagan
News Photographer



Mga patnugot at tagawasto ng ulat
Editors and Copyreaders



Tagalimbag
Printers

Istasyon ng Radyo
A Radio Station

130

131

ASIAN AMERICAN BILINGUAL CENTER
2168 Shattuck Avenue
Berkeley, CA 94704

Administrative Staff
Linda Wing
Rosalyn Chan
Patsy Jang
Teresito M. Laygo
Sau-Lim Tsang

Editorial Staff
Joey Arcellana
Francis So
Gloria Garcia
Cordell Yee

© Copyright 1979 by Berkeley Unified School District

The activity which is the subject of this publication was supported in whole or part by the Office of Education, U.S. Department of Health, Education and Welfare. However, the opinions expressed herein do not necessarily reflect the position or policy of the Office of Education, and no official endorsement by the Office of Education should be inferred.

BEST COPY AVAILABLE